# (Tunay na napapaligiran ang mga asawa ni Propeta Muhammad ng maraming kababaihan, nagrereklamo sila sa mga asawa nila,Sila ay hindi mabubuting asawa sa inyo)

Ayon kay Iyyas bin `Abdillah bin Abe Zebab-malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi;Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:(( Huwag ninyong paluin ang mga aliping Babae ni Allah)) Dumating si `Umar bin Al-Khattab-malugod si Allah sa kanya-sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya:Naging matapang ang mga babae sa mga asawa nila;Ipinahintulot niya ang pagpalo sa kanilang [mga babae],Napaligiran ang mga asawa ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng maraming kababaihan, nagrereklamo sila sa mga asawa nila,Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:((Tunay na napapaligiran ang mga asawa ni Propeta Muhammad ng maraming kababaihan, nagrereklamo sila sa mga asawa nila,Sila ay hindi mabubuting asawa sa inyo))

[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy]

Ipinagbawal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pamamalo sa mga asawang babae,Dumating si `Umar bin Al-Khattab-malugod si Allah sa kanya-At sinabi niya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Tumatapang ang mga kababaihan sa mga asawa nila at nagiging mapagmataas,Ipinahintulot ng Propeta ang pagpalo sa kanila nang pagpalong hindi marahas,kapag nagkaroon ito ng dahilan tulad ng pagiging mapagmataas at ang mga tulad nito,Nagtipon ang mga kababaihan sa mga Asawa ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa sumunod na araw,Na nagrereklamo dahil sa pagpalo ng mga asawa nila sa kanila ng pagpalong marahas,at dahil sa hindi makatarungang paggamit nila sa pagpapahintulot na ito,Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Silang mga kalalakihan na namamalo sa mga asawa nila ng marahas,ay hindi mabuting[asawa] sa inyo. At ang isa sa mga dahilan nito-Katotohanang si Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-ipinahintulot niya ang pagpalo sa pinakahuling yugto sa paglunas ng pagiging mapag-mataas.Nagsabi siya: (( Datapuwat doon sa kanila[mga asawang babae] na inyong pinangangambahan sa [kanilang] pagiging mapagtaas,[Sa una] Sila ay Pangaralan,[pangalawa] Huwag tumabi sa kanila [sa pagtulog],[panghuli] Paluin sila)) At ang tatlong ito ay dapat magkakasunod-sunod,at hindi ito gagawin lahat sa iisang pagkakataon lamang,Sisimulan ito sa Pagpapayo at Pangangaral,at Pagpapaalala,at kapag ito nakapagbigay pakinabang,Ang papuri ay sa Allah,at kapag hindi ito nakapagbigay

pakinabang,Huwag tumabi sa kanya sa tulugan,at kapag hindi ito nakapagbigay pakinabang,Paluin niya ,bilang pagpalo na pagdidisiplina at hindi pagpalo na [may hangaring] paghihiganti.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5821

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee